



Ang Mundo ng mga Dalagitang Naglalaro ng Apoy

Erwin L. Rimban

Cagayan State University

elrimban@alum.up.edu.ph

Petsa ng Pagsumite:

Hulyo 06, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Hulyo 20, 2026

Petsa ng Paglathala:

Hulyo 31, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.21739353

Abstrak

Pinamagatang “Ang Mga Dalagitang Naglalaro ng Apoy,” ang papel na ito ay tumutukoy sa mga dalagitang maagang pumapasok sa mgarelasyong sekswal. Saklaw ng pananaliksik na ito ang mga dalagitang Pilipina may edad na 13 hanggang 19 na gulang. Nakuha ang datos sa mga dalagitang naninirahan sa Probinsya ng Cagayan. Ang mananaliksik na ito ay gumamit ng mga metodolohiyang Sikolohiyang Pilipino: pakikipagkwentuhan, pagtatanong-tanong at pakikipanayam sa mga kalahok. Isang dokumento, ang Gabay sa Pakikipanayam, ay ginamit bilang gabay sa pakikipagkwentuhan sa mga dalagitang kalahok. Ipinapaliwanag ang mga datos na nakalap

sa pamamagitan ng mga ideya, batas, palaisipan at konseptong Sikolohiya at ng Sikolohiyang Pilipino. Lumalabas sa mga datos na malaki ang ginagampanan ng kapaligiran sa paghubog ng personalidad ng mga dalagitangPilipina. Nakadiskubre ang may-akda ng dalawang klase o kategorya ng mga Dalagitang Naglalarong Apoy. Ipinapaliwanag ito bilang isang bagong modelo ng personalidad ng mga dalagitang Pilipina.

Mga Susing Salita: *sexual activities of young Filipinas, Filipino psychology, adolescent sexuality*

INTRODUKSIYON

Kadalasang sinasabi sa ating lipunan na marami nang mga kabataan ang nalululong sa masasamang bisyo, gaya ng alak, sex, droga, at iba pa. Ito rin ay kadalasan nating napapakinggan sa radio, telebisyon at internet. Ngunit ang pinakamasidhing usapin ay ang maagang pagpasok ng mga kabataan, gaya ng mga dalagita, sa mga karanasang sekswal. Mahirap aralin ang sekswal na gawain ng mga kabataan ngayon ngunit kailangan nating magsimula upang maintindihan ang problemang ito at magkaruon ng mga tamang solusyon.

Ang saliksik na ito ay isang pakikipanayam sa mga dalagitang naglalaro sa apoy. Ito ay isang metaporikal (metaphorical) nalengguwahe na tumutukoy sa mga Pilipinang kabataan sa edad na 13 hanggang 19 ang gulang. Mithiin ng saliksik na ito na alamin kung anu ano ang mga naging “motivations” ng mga kabataan para pumasok sa mga ganitong klaseng relasyon. At mithiin din ng saliksik na ito na malaman kung anu ano ang mga gawain (activities) ng mga kabataan na may relasyon sa pamagat ng saliksik na ito. Aminin natin na napakasensitibo ng usaping ito sa kultura ng mga tao. Sa aklat na *The New Women* (Cooke, 1970), tinatalakay kung gaano ka sensitibo ang usapang ito sa parte ng mga kababaihan sa buong mundo. Tinalakay din ni Ginang Elizabeth Hurlock ang pinagdadaanan ng mga dalagita sa Estados Unidos habang sila ay nagdadalaga. (Hurlock, 1980: 222-259).

Ayon kina Panopio at Santico-Rolda (1992:97): “Ang personalidad ay isang produkto ng sosyalisasyon at lumilitaw bilang isang resulta ng paglalaro ng maraming salik kabilang na ang ating minanang byolohikal o “heredity,” ang kapaligirang kultural, grupong panlipunan at istrukturang panlipunan at mga nakaraang karanasan.” Ang dalawang ito ay manunulat sa Sosyolohiya, na kapatid ng Sikolohiya sa larangan ng Agham Panglipunan. Malinaw kung gayon na ang personalidad ng isang tao ay may kontribusyon ang “genetics” at environment (kapaligiran).

Sa ilang mga taon, ang mga syentipikong panlipunan ay nagtalo-talo kung gaano ang gating pagkatao at kung sino tayo ang naging bunga ng kalikasan (heredity/nature) at kung gaano ang naging bunga ng ating kapaligirang sosyo-kultural (nurture.) Habang patuloy ang pagtatalo, karamihan sa mga syentipikong panlipunan ay nagkasundo na kapwa kalikasan at kapaligirang sosyo-kultural sa kanilang interaksyon sa masalimuot na pamamaraan ay may impluwensya sa paglinang ng personalidad. (Panopio at Santico-Rolda, 1992: 97).

Ang pagmamanang byolohikal (hereditary) ang nagbibigay ng mga hilaw na materyales na syang gagamitin sa paglilok ng personalidad. (Kluckholm at Murray, 1953: 54-55). Ito ay isa na sa mga batas sa larangan ng Byolohiya. At tinatanggap din ito ng mga larangan ng Sikolohiya at Edukasyon bilang mga batas sa paghubog ng personalidad. Dahil dito ay tampok sa mga librong ginagamit sa paaralan ang mga konseptong naglalarawan sa mga batas ng Byolohiya.

Ngunit hindi dito nagtatapos ang usapin. Hindi lang sa larangan ng mga byolohikal na mga bagay matatagpuan ang puno at dulo ng usaping personalidad. Ayon ulit kina Panopio at Santico-Rolda (1992: 98): “Ang ganitong mga katangiang itinakda ng mga “genes” ay siyang nagtatakda ng mga hangganang maaabot ng mga bagay na magagawa ng isang tao, ngunit ang lawak na maaaring malinang nga mga katangiang ito ay nakasalalay sa kapaligirang sosyokultural. Ang kultura ay may impluwensiya sa mga huwaran ng pagkilos at sistema ng pagganyak ng isang tao. Ang mga kakayahan, kaalaman at mga kahalagahan ay natutuhan. Ang lipunan ang nagtatakda ng mga inaasahang bahaging ginagampanan para sa kasarian at gulang at humuhubog sa ating pagkakakilanlang panlipunan. Dahil dito, ang personalidad ng isang tao ay produkto ng mga minanang katangian at interaksyon nito sa kapaligirang kultural at mga karanasan. Ang mga salik panlipunan ay nagtatakda sa isang malaking lawak kung ang mga byolohikal na nagtatagong lakas ay mahahayag o malililang. Ilang “genes” ang nagtatakda ng mga tiyak na katangian, tulad ng kulay ng mga mata o ng balat nguni’t marami sa mga “genes” ang maglalaan lamang ng lawak ng potensyalidad para sa iba’t ibang mga katangiang maaaring malinang o mabansot ng kapaligirang sosyo-kultural ng isang tao. Ang mga minanang potensyalidad ay nagtatayo ng lawak ng sosyalisasyon nguni’t ang kapaligirang sosyo-kultural ay may malaking bias sa lawak ng maaaring matamo sa mga minanang potensyal. (Panopio at Santico-Rolda, 1992: 98-99). Matutunghayan ulit natin ang mga konseptong ito sa paglililang ng ugali ng mga dalagitang Pilipina.

Dito sa Pilipinas, mataas ang respeto ng mga Pilipino sa mga kababaihan. Ang mga babaeng anak sa isang pamilya ay inaalagaan, nirerespeto, tinutulungan at hinuhubog upang maging kapaki-pakinabang sa pamilya, angkan, komunidad at lipunan. Hindi lang sa modernong panahon ang respeto na ito kung hindi ay nangyari na rin ito sa sinaunang panahon. Sakatunayan, natuklasan nina Ignatius Vinzons at Mary Dorothy Jose sa kanilang pag-aaral na mataas ang katayuan ng mga kababaihan sa sinaunang lipunang Pilipino. (Vinzons at Jose, 2013). Umaasa tayo naang respetong ito ay nananatili sa kasalukuyang panahon. Kung gayon, isang malaking dagok sa isang pamilya ang mabalitaang buntis pala ang isang dalagita na miyembro nito. Ito ay isang hindi inaasahang pangyayari. Ang pag-aaral ng dalagitang ito ay maaapektuhan, at ang pag-asa na makatulong sa pamilya ay malalagay sa alanganin. Bakit nga ba pinapasok ng maaga ang iba nating dalagitang Pilipina ang mga gawaing sekswal? Ito ang pinaka-importanteng tema

ng saliksik na ito. Kailangang mapasok natin ang mundo ng mga kababaihan, partikular ang mga dalagitang maagang namulat sa murang edad sa mga sekswal na karanasan.

Paglalahad ng Layunin

- Magkaruon ng sapat na datos galing sa mga kababaihang may sekswal na karanasan, edad 13 to 19. (To obtain actual data regarding the sexual activities/experiences of sexually active Filipina teenagers.)
- Malaman ang mga naging karanasan ng mga dalagitang ito, ang mga negatibo at positibong mga aspeto.
- Tuklasin ang mga bagay na nag udyok sa mga dalagitang ito upang pumasok sa ganitong mga klaseng relasyon. (To discover the motivational paradigms underlying these sexual experiences.)
- Alamin ang impluwensya ng kapaligiran sa ugali at motibasyon ng mga kababaihang ito. (To ascertain the extent of environmental pressures on the sexual activities of these teenagers.)
- Tuklasin kung merong mga hindi inaasahang pangyayari gaya ng abusong sekswal (sexual abuse/incest) na nangyari sa pagkabata ng mga kalahok na dalagita.
- Maipaliwanag ang mga nakuhang impormasyon na ito sa saliksik na ito gamit ang mga konsepto ng Sikolohiyang Pilipino, Kultura ng Pilipinas at ang mga konsepto ng larangan ng Sikolohiya. (To discuss these findings in the light of concepts in Sikolohiyang Pilipino, Philippine culture as well as the field of Psychology in general.)
- Makagawa ng isang modelo na komprehensibong nagpapaliwanag sa mga katangian at personalidad ng mga “Dalagitang Naglalaro ng Apoy.”

Kahalagahan ng Pag-Aaral

Ang mga suliraning ito na inilahad ng mananaliksik na ito sa Panimula ng papel na ito tungkol sa ating lipunang Pilipino ang nagtulak sa kanya upang harapin ng lubusan ang gawing pag-aaral dahil sa ito ay isang marangal na gawain para sa pag-unlad at pagpapalawak ng ating kaalaman sa mga ugali at personalidad ng mga dalagitang Pilipina. Sa pamamagitan ng papel na ito ay malalaman natin kung ano ang impluwensiya ng kapaligiran ng mga kalahok sa maaga nilang pagpasok sa mga gawaing sekswal. Mabebenipisyuhan ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

Para sa mga Mag-aaral ng Sikolohiya

Malalaman sa saliksik na ito ang mahalagang papel na ginagampanan ng kapaligiran at kultura sa paghubog ng ugali ng mga dalagitang Pilipina. Magagamit ng mga nag-aaral ng Sikolohiya ang mga ideyang makukuhang saliksik na ito sa paglinang ng kanilang kaalaman at puwede ring basehan sa kanilang mga sariling pag-aaral.

Para sa mga Dalagitang Mambabasa

Importante rin ang datos, diskusyon at kaalaman na makukuha sa papel na ito para sa mga dalagitang mambabasa. Sapagkat magkakaruan sila ng ideya sa mga dinadaan ng kanilang kapwa kababaihan. At magagamit nila ang mga nakapaluob na mga ideya at konsepto sa papel na ito para maintindihan nila ang mga sarili nila at ang mga pinagdadaanan ng mga kapwa nilang kababaihan na maagang pumapasok sa mga sekswal na relasyon.

Para sa Edukasyon

Ang mga konsepto at modelo na mababasa sa papel na ito ay makakatulong sa paglaganap ng mga kaalaman sa Sikolohiya at sa kamalayan ng mga nag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino. Mithiin ng may-akda na makatulong sa pagpaparami ng kaalaman sa siyensya at kulturang Pilipino.

Batayang Konseptwal

Ang batayang konseptwal sa papel na ito ay tumutukoy sa relasyon ng mga elemento at impluwensiya ng kapaligiran sa paghubog ng ugali, damdamin, personalidad at mga karanasan ng mga dalagitang maagang pumapasok sa relasyong sekswal:



Pigura 1. Ang Impluwensiya ng Kapaligiran sa mga Dalagitang Naglalaro ng Apoy

METODOLOHIYA

Ang saliksik na ito ay gaganapin sa pamamagitan ng pakikipagkwentuhan at pakikipanayam at pagtatanong tanong sa mga dalagitang nasa edad ng 13 hanggang 19 na gulang. Ang manunulat na ito ay naghanap ng mga kalahok na mga dalagita na may kaukulang edad at sumasang ayon sa layunin ng saliksik na ito. Ang saliksik na ito ay gumagamit ng mga modernong pamamaraan ng Sikolohiyang Pilipino gaya ng mga nabanggit na mga metodo. Dahil sa paggamit ng mga metodo gaya ng pagtatanong tanong, pakikipanayam at pakikipagkwentuhan sa mga kalahok, ang saliksik na ito ay tumutugma at tumutulong sa mga mararangal na layunin ng Sikolohiyang Pilipino, partikular ang pagsasakatutubo ng Sikolohiya dito sa ating bansa (promotion of the indigenization of Psychology here in the Philippines).

Ang pagkuha ng datos sa mga kalahok at ang paggawa ng saliksik na ito ay umaayon sa mga alituntunin ng Kodigo ng Etika (Code of Ethics) of Philippine Psychologists, na pinagtibay ng Psychological Association of the Philippines. Ang wikang Filipino ay ginamit bilang primerong lengguwahe sa pakikipagkwentuhan/pakikipanayam na ito.

Kritikal din sa isang pakikipanayam at pakikipagkwentuhan ang tamang pakikinig. Sa aklat nina Arrogante (2007:214) ay tinalakay ang tamang proseso ng pakikinig. Bagamat magkaugnay, may pagkakaiba an gang pagdinig (hearing) at pakikinig (listening). Sa level na pisikal ang pagdinig sapagkat

isang kapasidad ito para matukoy ang tunog na bumubuo sa isang salita. Tumutukoy ito sa ating kakayahang marinig ang anumang tunog sa pamamagitan n gating mga tainga. Samantala, isang proseso ng pag iisip na may layuning unawain ang kahulugang nakapaloob sa mga tunog na pinakikinggan ang pakikinig. Bagama't magkaiba ang pagdinig at pakikinig, magkaugnay ang dalawa sapagkat hindi maaaring mangyari ang tunay na pakikinig kung walang pagdinig. Preliminaryong hakbang sa pakikinig ang pagdinig (Arrogante et al, 2007:214). Nakikita natin dito na kritikal ang pagdinig at pakikinig sa pakikipagkwentuhan ko sa mga “dalagitang naglalaro ng apoy.”

Ang kritikal o mapanuring pakikinig ay may layuning tayahin ang mga bagay na naririnig mula sa ispiker. Kinakailangan sa kritikal na pakikinig ang pag-unawa at pagsusuri sa mensaheng narinig. Ang mga sumusunod na kundisyon ang nagpapatunay sa may mapanuring pakikinig: (1) may kakayahang maipakita ang lohikal na kaugnayan ng mga detalye sa mga pangunahing ideya na bumubuo sa paksang tinatalakay; (2) may kakayahang magbigay ng tumpak na hinuha (hypothesis); (3) may kakayahang tukuyin ang mga mahahalaga at hindi mahahalagang detalye; (4) may kakayahang ihiwalay ang katotohanan sa pawing opinion lamang; (5) may kakayahang hatulan o husgahan ang relayability o katunayan ng informasyong iprinisinta ng ispiker; (6) may kakayahang magpasya kung may kabuluhan ang mensaheng nais ipabatid ng ispiker; (7) may kakayahang magpahalaga sa katotohanang nakapaloob sa mensahe ng ispiker (Arrogante, et al, 2007:221).

Ang saliksik na ito ay isang uri ng kwalitatibong pananaliksik. Bininigyan nito ng mas mataas na lebel ng pakahulugan ang mga suliranin gamit ang taglay nitong kalikasan at sa masusing pag-aaral ng mga kaugnay na literaturang may kinalaman sa pananaliksik na isinasagawa, maari nang lumitaw angistratehiyang pampananaliksik nang hindi na kailangan sumandig sa mga numerical na datos. (Gonzalvo, 2012: 61.) Ang papel na ito ay sumusunod sa mithiin ng Sikolohiyang Pilipino na mapalaganap ang pag-aaral ng mga ugali, kamalayan at personalidad ng mga Pilipino gamit ang mga pangkatutubong mga metodolohiya. (Tingnan ang Apendiks para masilayan ang Saligang Batas ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino).

Ang pangangalap ng datos ay nangyari sa pamamagitan ng pakikipagkwentuhan at pagtatanung-tanong at pakikipanayam sa mga kalahok sa saliksik na ito. Sapagkat ang manunulat na ito ay tubong Cagayan Valley, ang mga naging kalahok ay mga dalagitang taga Probinsya ng Cagayan din. 18 ang bilang ng mga kalahok sa pananaliksik na ito. Mayroong ginawa ang mananaliksik na ito na Gabay sa Pakikipanayam (tingnan ang Apendiks). Ang dokumentong ito ay isang gabay lamang. Para makapasok sa mundo ng mga dalagita, ang manunulat na ito ay nagsikap na makipagkwentuhan ng lubos sa kanila, makuha ang kanilang tiwala at malaman ang mga maseselang karanasan nila. Sa metodolohiyang ito ay napaka importante na makuha ang tiwala ng mga kalahok sa saliksik na ito.

Sa Apendiks ay makikita rin ang dokumento ng pagsang-ayon ng mga kalahok sa mga layunin ng saliksik na ito.

RESULTA AT DISKUSYON

Ang Personalidad

Si Sigmund Freud ay isang pangunahing psychoanalyst nalumikha ng unang malawak na teorya sa personalidad at nag-iwan ng malalim na impluwensya sa mga sumusunod na sikolohiya. Ang kanyang teorya ay nagsasaad na ang personalidad ay isang uri ng determinasyong byolohikal at ang sosyalisasyon ay isang proseso ng paglalabanang pangkalooban sa pagitan ng mga bahaging byolohikal at ng kapaligiran

sosyo-kultural. Para sa kanya, ang personalidad ay binubuo ng tatlong pangunahing sistema, ang “id,” ang “ego,” at ang “superego.” Ang “id” ay ang orihinal na sistema ng personalidad at ang maitriks na kung saan ang ego at superego ay nagiging kaiba. Ang “id” o ang bahaging byolohikal ay binubuo ng bawat bagay na sikolohikal, kasama na ang minanang likas na simbuyo. Ang “ego” ay ang ehekutibo o tagapagpatupad ng personalidad at siyang tagapamagitan sa mga pangangailangan ng organismo at ng obhetibong daigdig ng katotohanan. Ang bahaging sikolohikal ng ego ay may kontrol sa lahat ng kognitibo at prosesong intelektwal at nagsisikap na kontrolinang pintuang-daanan ng kilos. Ang “superego” o ang bahaging panlipunan ay ang kinatawang pangkalooban ng mga kahalagahang tradisyunal at mga ideyal ng lipunan ayon sa pagpapakahulugan ng mga magulang sa kanilang mga anak. Ang superego ay ang moral na bisig ng personalidad at binubuo ng konsensya at ego ideyal. (Panopio at Santico-Rolda, 1992:99). Ang temang ito ay sinasang ayunan din ng isa pang batikang siyentipiko sa larangan ng Sikolohiya na si Dr. Carl Jung. (Campbell, 1971: 23-100).

Binibigyang diin ni Freud ang mga aspetong debelopmental ng personalidad at binibigyang halaga ang tiyak na bahaging ginagampanan ng mga unang taon ng pagkasanggol at kamusmusan sa paglalagay ng pangunang istruktura ng personalidad. Para kay Freud, ang unang limang taon ng buhay ay napakahalaga sa dahilang ang personalidad ay nahuhubog sa panahong ito at ang sumusunod na paglaki ay nadaragdagan sa pangunang istrukturang ito. Kanya ring tinanaw ang paglinang ng personalidad na sumasailalim sa iba’t ibang mga yugto at ang kalinangan ay isang pamumukadkad na likas na simbuyo sa sekso. (Panopio at Santico-Rolda, 1992:100).

Magiging malinaw ang pagkakaintindi natin sa mga bahaging ito ng personalidad sa mga teorya ni Ginoong Freud sa pamamagitan ng isang dayagram o pigura. Ang psychoanalysis ni Freud ay isa sa mga tinataguriang batas sa Sikolohiya at sumasaklaw ito sa maraming mga usapin sa Sikolohiya at sa Agham Panlipunan na rin.



Figura 2. Ang mga Bahagi ng Personalidad ayon sa Psychoanalysis ni Freud

Malinaw na nakikita natin dito na ang personalidad ng isang tao, gaya ng dalagitang Filipina, ay may mga elemento. Sa psychoanalysis ni Freud, eto ang “id,” “ego,” at “superego.” Ito ay bahagi na rin ng mga byolohikal na aspeto na personalidad. Bagamat hindi diretsong tumitingin sa byolohikal na aspeto ng personalidad, isa sa mga layunin ng saliksik na ito ay malaman ang mga karanasan ng mga “Dalagitang Naglalaro ng Apoy.” Dahil dito ay hindi natin maiwasan na hindi unawain ang mga byolohikal na aspeto ng personalidad dahil me mga epekto rin ito sa ugali ng mga tao, gaya ng mga Pilipino, particular na dito ang mga dalagitang pumapasok sa mga sekswal na relasyon. Importante ring malaman ang mga espesyal at

di-pangkaraniwan (significant and memorable childhood experiences) na mga karanasan ng mga dalagitang ito nuong mga bata pa sila dahil nga ang mga karanasan sa mga yugto ng pagkasanggol at kamusmusan ay napaka-importante sa paghubog ng personalidad ng isang tao, ayon na ring sa mga batikang siyentipiko sa larangan ng Sikolohiya.

Ang Proseso ng Sosyalisasyon

Kung paano ang isang tao ay nalilintang bilang isang panlipunang nilalang, sa uri ng pagkatao niya ngaun, at isang gumaganap na myembro ng lipunan ay isang resulta ng sosyalisasyon o enkulturasyon. Ang sosyalisasyon ay isang prosesong interakssiyunal kung saan ang kilos ng isang tao ay binabago upang umayon sa mga inaasahan ng grupong kanyang kinabibilangan. Ito ay isang panlipunang proseso ng pagkatuto na sumunod sa mga pamantayan at mga kahalagahan ng grupo, pagsasaloob ng mga ito, pagkakamit ng isang istatus at pagsasagawa ng kaukulang bahaging gagampanan. Ang mga tungkulin nito ay ituro ang mga pamantayan, mga kahalagahan at mga paniniwala ng lipunan; linangin ang mga kasanayan at disiplina ng pagsasagawa sa papel na gagampanan. (Panopio at Santico-Rolda, 1992:103). Kung ganun, malaking bagay rin ang ginagampanan ng sosyalisasyon sa buhay ng mga dalagitang naglalaro ng apoy. Makikita natin sa mga datos na aking nakalap kung anong bahagi ng kapaligiran ang may epekto o impluwensya sa paghubog ng personalidad ng mga dalagitang naglalaro ng apoy. Makikita din natin kung merong impluwensya nga ng sosyalisasyon sa buhay ng mga dalagitang ito.

Ang isang taong sosyalisado ay hindi isang walang kibong nilalang. Bagaman sa kahalatan ay maaari siyang sumunod sa mga huwaran, ay maaari rin siyang sumuway paminsan-minsan. Saisang bahagi, ang gayong paglabag ay maaaring dahil sa mga katangiang byolohikal. Gayon man, ang kultura ay maaaring maglaan ng ilang motibo upang lumihis sa pagsunod sa mga pamantayan, tulad ng pagnanais sa kayamanang materyal, mga pangangailangan, kasiyahang senswal, at pagnanais ng kapangyarihan. Ang mga miyembro sa lipunan, samakatwid, ay maaring maging mga aktibong ahente sa paglikha, pagpapanatili at paminsan-minsan ay pagbabago sa kanilang kultura at kapaligirang interpersonal. Ang sosyalisasyon ay isang prosesong panghabang buhay. Sa iba't ibang yugto ng kanyang buhay mula sa pagkasanggol, sa kabataan, sa pagkateen-ager, pagbibinata o pagdadalaga, sa gitnang gulang at sa katandaan, ang isang tao ay nagtataglay ng ilang panlipunang istatus at nagsasagawa ng kaukulang bahaging gagampanan. Ang panlipunang istatus ay kumakatawan sa kanyang posisyon o ranggo sa isang partikular na panahon. Sa mga sumusunod na bahagi ng buhay, ang istatus ay maaaring makamit o mapagtagumpayan sa pamamagitan ng personal na pagsisikap, merit o pagpili. Ang dinamikong aspeto ng istatus ay ang panlipunang bahaging gagampanan (social role.) Ito ay kumakatawan sa mga inaasahang huwaran ng pagkilos, mga obligasyon at mga pribilehiyo na kaugnay ng isang istatus. Ang isang anak na babae ng pamilyang Pilipino sa nayon ay inaasahang magpakita ng paggalang at pagsunod sa mga magulang, tumulong sa mga gawain sa bahay, umuwi ng bahay sa itinakdang oras, maging mahinhin at pigil sa pagkilos at sumunod sa mga pamantayan ng pamilya. (Panopio at Santico-Rolda, 1992:104). Dito natin makikita na napakahalaga ang personalidad at ugali ng isang dalaga sa pagkakakilala sa kanya na lipunan. Kailangan na may takda siyang ugali, gaya nga ng pagkamahinhin at pagiging masunurin at mabait. Kung umaalis ang isang dalaga sa pamantayan na ito ay magkakaroon ng mulat ang kanyang reputasyon. Napakahalaga ang reputasyon ng isang dalaga. Dahil dito ay napaka importante ng makita natin ang mga bagay na nagdulot ng maagang karanasan sa mga gawaing sekswal, sapagkat ang mga ito ay mga senyales ng pag-alis (departure from the norm) ng dalaga sa mga pamantayan ng lipunan.

Ang Grupong Kasinggulang o Kapantay

Habang lumalaki ang bata ay sumasama sa mga grupong kaugnay ng kanyang gulang at kawilihan. Ang mga bata ay hinihilang makisama sa mga batang may katulad na gulang na nanggagaling sa kanyang grupong kamag-anakan, kapitbahayan, o paaralan. Ang pagsasama ng dalawa o higit pang myembro ng humigit-kumulang ay magkatulad na gulang sa isang maluwag na organisadong istruktura ay tinatawag na grupong kapantay, o kabarkada. (Panopio at Santico-Rolda, 1992:109). Ang grupong kapantay (peer group) ay isang mahalagang tagpuan para sa sosyalisasyon at may mahalagang bias sa personalidad. Ang pagsali sa isang grupong kapantay ay nagpaptuloy hanggangsa may sapat na gulang o kahit na sa katandaan at umaabot sa pinakamataas na pagganyak sa pagbibinata at pagdadalaga. Ang mga grupong kapantay sa may sapat na gulang ay nabubuo sa mga lugal ng trabaho, pulitika, kapatiran at relihiyon. Nakakamit ng isang bata ang higit na kalayaan habang sumasali sa mga grupo ng paglalaro sa dahilang napawawalan sa dominasyon ng mga matatanda at humigit-kumulang ay dulot ng interaksyong nagkakatulungan sa kanyang mga kauri. Kung magkakaroon man ng mga sigalutan ay inaayos nya ito sa kanyang mga kauri. Dito natutuhan ng isang bata na gumawa ng kapasyahan sa dahilang sa ay ipinakikilala sa isang daigdig na karaniwan ay kasalungat ng daigdig ng may sapat na gulang. (Panopio at Santico-Rolda, 1992: 109).

Ang mga grupong kapantay ay may impluwensya sa mga pamantayan at kahalagahan, mga interes at mga gawain ng mga miyembro nito. Nagbibigay ito sa mga miyembro ng pagganyak pagka't naglalapat ito ng mga sukatan ng pagtatagumpay. Karaniwan, ang mga miyembro ay nakalilinan ng matibay na samahan at katapatan sa grupo,

Mga Batas sa Proteksyon ng mga Kababaihan

Sa mga katagang “paglalaro ng apoy,” o “naglalaro ng apoy” ay ang ibig kong sabihin ay ang mga dalagang pumapasok sa mga sekswal na relasyon sa murang edad pa lang. Masasabi nating murang edad (“teenagers”) ang mga dalagitang ito na nasasaklaw sa edad ng 13 to 19. Ang mga dalagitang ito ay nasa paaralan dapat, at nag aaral ng lubos para magkaruon sila ng tamang trabaho pag tumanda na sila.

Me mga batas tayona nagsisiguro na me mga proteksyon ang mga dalagita. Tingnan natin ang sinasabi ng mga batas ng Pilipinas sa usaping ito:

The seduction of a virgin over twelve years and under eighteen years of age, committed by any person in public authority, priest, home-servant, domestic, guardian, or any person who, in any capacity, shall be entrusted with the education or custody of the woman seduced, shall be punished by prison correccional in its minimum and medium periods. The penalty next higher in degree shall be imposed upon any person who shall seduce his sister or descendant, whether or not she be a virgin or over eighteen years of age. Under the provisions of this Chapter, seduction is committed when the offender has carnal knowledge of any of the persons and under the circumstances described therein. (Revised Penal Code of the Philippines, Chapter 3, Article 337).

The seduction of a woman who is single or a widow of good reputation, over twelve but under eighteen years of age, committed by means of deceit, shall be punished by arresto mayor. (Revised Penal Code of the Philippines, Chapter 3, Article 338).

The penalty of arresto mayor shall be imposed to punish any other acts of lasciviousness committed by the same persons and under the same circumstances as those provided in Articles 337 and 338. (Revised Penal Code of the Philippines, Chapter 3, Article 339).

Any person who shall promote or facilitate the prostitution or corruption of persons underage to satisfy the lust of another, shall be punished by prison mayor and if the culprit is a public officer or employee, including those in government-owned or controlled corporations, he shall also suffer the penalty of temporary absolute disqualification. (Revised Penal Code of the Philippines, Chapter 3, Article 340).

Malinaw na nakikita natin sa mga batas na ito na tinataguyod ng Republika ng Pilipinas ang mga kapakanan ng ating mga kabataan, particular ang mga dalagita na menor de edad. Dapat ang mga batas na ito ay magkaruon ng discusyon sa mga paaralan, para sa murang edad pa lamang ay ganap na alam na ng mga kabataan natin, sampu ang mga dalagitang menor de edad, ang kanilang mga karapatan at ang mga saklaw na kaparusahan sa mga gusting mang abuso (sexually corrupt) sa mga dalagitang ito.

Mga Kalahok

Ang mga kalahok sa saliksik na ito ay mga dalagita na me edad na 13 hanggang 19 gulang na nakatira sa Probinsya ng Cagayan. 18 ang bilang ng mga kalahok. Tingnan natin sa Talahanayan ang bilang ng bawat edad ng mga naging kalahok:

Talahanayan 1	
<i>Ang mga Kalahok sa Saliksik na ito</i>	
Edad	Bilang ng Kalahok
13	0
14	0
15	0
16	2
17	2
18	4
19	10
Total	18

Pakikipanayam sa mga Kalahok

Sa isyu ng pagkakaroon ng unang sekswal na karanasan, marami sa mga kalahok ang nagsabi na nagkaroon na sila ng unang pakikipagsiping (actual sex) nuong nasa sekondarya (high school) pa lang sila. Nuong una ay marami sa mga kalahok ang nahihiyang ikwento ang mga nagging sekswal na karanasan nila. Subalit nuong nakita at naramdaman nila ang sinseridad ng mananaliksik na ito ay nakuha nilang ikwento ang mga masalimuot na mga pangyayaring ito sa kanilang buhay. Ayon kay kalahok Saicy (hindi niya tunay na pangalan), 16 pa lang ang gulang nya ay namulat na sya sa sekswal na mga bagay nuong pinagsamantalahan sya ng kanyang tiyuhin. Pinagbantaan daw sya ng kanyang tiyuhan kaya natakot sya at hindi nya pinagsasabi ang kanyang naging karanasan. Ganun din ang nangyari kay Vilma (hindi niya tunay na pangalan), isa sa mga pinakabatang kalahok sa saliksik na ito. Ayon kay Vilma ay pinagsamantalahan sya ng kanyang lolo nuong bata pa ito. Pagkatapos pagsamantalahan ng kanyang lolo ay tiyuhin naman nya ang sumunod dito. Lagi daw itong ginagawa sa kanya nuong bata pa sya. Ang sekswal na karahasan (sexual abuse) ay isang marahas na krimen na talamak nang nangyayari sa buong mundo. Hindi ligtas ang bansang Pilipinas sa krimen na ito. Marami nang mga pag-aaral tungkol sa krimen at marami na ring batas ang pinapairal para masupil ang kasamaan na ito. Kasama ang mga batas na nabanggit na kanina sa mga unang dahon ng saliksik na ito ang nagpapatunay na gumagawa an gating gobyerno mga landas at mga reglamento upang masupil ang krimen na ito.

Hindi naman lahat ng mga dalagitang aking nakapanayam ay nakatikim ng karahasan nuong mga bata pa sila. Marami sa kanila ang nagsabi na una nilang natikman ang karanasang sekswal sa kanilang mga kasintahan/boypren/nobyong. Sa pakikipagkwentuhan ko kay Fina (hindi niya tunay na pangalan) ay makikita natin ang karaniwang karanasan ng isang dalagitang namumulat pa lang sa gawaing mga sekswal. Narito ang kanyang mga naging pahayag:

“Ang una kong naging karanasan ay natatakot ako sa maging kahihinatnan...kapag ginawa ko ang bagay nasa huli pwede kong pagsisihan...halikan ka nga lang para ka nang naiiyak at nakukuryente....”

Habang nagkukuwentuhan pa kami ay sinabi nyang “bumigay” siya dahil sa naging pag-udyok ng kanyang kasintahan. Malinaw na makikita natin sa kanyang mga naging pahayag sa akin na malaki ang aspeto ng “pressure” na nanggagaling sa kanyang kasintahan. Marami din sa mga kalahok ang nagsabi na ang “pressure” ng kanilang kasintahan o boypren ang nag-udyok sa kanila upang makaranas ng gawaing sekswal. Ang tema (theme) na ito ay mababasa natin paulit-ulit sa mga pahayag ng mga dalagitang ito. Dito ay makikita natin na malakas ang implyuwensya ng peer group at ang kasintahan sa pagkamulat ng mga dalagitang Pilipina sa sekswal na karanasan.

Ayon sa isa pang kalahok na si Mhae (hindi nya tunay na pangalan), binigay nya ang kanyang pagkababae (virginity) nuong first year college siya. Ito ay nangyari sa kanyang ikapitong nobyo. Ayon sa kanya ay naengganyo daw silang magsiping ng kanyang kasintahan dahil sa kuryosidad (curiosity). Si Mhae ay mayroon nang sampung kasintahan ngayon. Kung gayon, malinaw sa pahayag na ito na ang maagang pagkamulat sa gawaing sekswal ng mga dalagitang Pilipina ay isang aspeto na maaring sanhi ng pagkakaroon nila ng maraming mga kasintahan (frequency of sexual partners). Makikita din natin ang istorya na ito sa mga ibang mga naging kalahok, partikular sa buhay ng kalahok na si Nessa, na matutunghayan natin maya maya.

Makikita natin sa unang bahagi ng aking pakikipanayam sa mga dalagita na ang pagkakaroon ng nobyo o kasintahan na idinagdag sa pagkakaroon ng oportunidad ng pagsasama ng dalagita at binatilyo ay tama na upang bumigay sila sa pagnanasa ng katawan at tikman nila ang kasiyahan idinudulot ng pakikipagtalik.

Sa mga naging mga unang karanasan ng mga dalagitang ito sa gawaing sekswal ay andun ang pangamba ng pagkabuntis. Ayon kay Anna (hindi nya tunay na pangalan):

“Unang sexual experience siyempre na andun na yung takot ko lalo na at babae ako pero promise nung guy na hindi nya ako bubuntisin kaya yun bumigay ako....masakit sa una pero habang lumalalim nawawala yung sakit kumbaga hanggang sa masarap na....”

Sa isa pang kalahok na si Sheng (hindi nya tunay na pangalan):

“Siyempre mahirap madaming masakit at nanginginig halos lahat sa katawan.”

Aminado ang mga naging kalahok sa saliksik na ito na malakas ang temptasyon. Sa katunayan, marami sa kanila ang nagsabi na bumigay sila dahil sa temptasyon ng katawan. Pakinggan natin ang naging pahayag ni Lyn (hindi nya tunay na pangalan) sa isyung ito:

“Ayoko ang nangyaring yun pero di ko na resist ang temptasyon....kasi nga dadalawa lang kami nuon kaya nangyari ang hindi dapat mangyari.”

Kasama sa isyu ng pagkamulat sa sekswal na karanasan ang aspeto na nag udyok sa mga dalagitang ito upang pumasok sa ganitong klaseng relasyon. Sa pahayag ni Lyn (hindi nya tunay na pangalan) ay malalaman natin ang isa sa mga aspeto na nag udyok sa kanya:

“Nag-experiment kami at dala na rin ng init na katawan....Siyempre parang normal lang ngayon ang pakikipag sex pero swerte ako ngayon sa bf ko at nirerespeto niya ako.”

Sa pahayag na ito ay makikita natin ang isa pang tema na paulit ulit na narinig ko sa karamihan ng mga kalahok. Ayon sa mga dalagitang Pilipina na nakapanayam ko ay “normal na lang ang sex sa mga kabataan ngayon.” Kung gayon ay kailangan ng ibayong pagpapahalaga sa mga “Filipino values” at lalong pinaigting na edukasyon ang kailangan upang mabatid ng mga kabataan ang kanilang pinapasukan. Talamak na sa modernong pamumuhay (modern society) ang pagka “liberated” ng mga kabataan na pinapatunayan nga ng mga saliksik gaya ng mga datos na nakuha sa saliksik na ito.

Si Mhae (hindi nya tunay na pangalan) ay nag Ingles pa nung sumagot siya sa aking tanong tungkol sa motibasyon niya. Pakinggan natin ang kanyang pahayag sapagkat marami sa mga dalagita ang halos ganito rin ang naging sagot sa isyung ito:

“Curiosity is the main reason. I got curious with how or what people have been saying about sex that it’s painful at first but pleasure and happiness comes next. I want to discover it if it’s true and that’s it. Painful at first and it’s irritating because it is my first time.”

Ganito rin ang naging sagot ni Cheza (hindi nya tunay na pangalan) sa isyung ito:

“Only curiosity and temptation. Mahirap mag control at magpigil ng init ng katawan lalo na kapag kasama ang kasintahan.”

Mas prangka pa ang isa pang kalahok na si Sheng (hindi nya tunay na pangalan) sa isyung ito:

“Mga kaibigan ko (ang nag udyok sa kanya)....sabi nila “wala na raw virgin na babae”.....Gusto ko daw bang mamatay na virgin....At nanonood kami ng mga sex scandal kasama ang mga kaibigan ko...iniisip ko kung ano ang experience ang magkaroon ng sex...”

Pag-ibig nga ba o Pansamantala lamang?

Malinaw sa pahayag na ito na kuryosidad at “pleasure” ang nag-u-udyok sa ilang mga kabataan para pumasok sa mga karanasang sekswal. Bagamat nahihiya silang banggitin nuong una ay sa bandang huli ng pakikipanayam ay nagagawa rin nilang aminin ang mga bagay na ito. Marami rin sa aking mga nakapanayam ang nagsabing nagbibigay ng kalayaan (freedom) ang gawaing ito sapagkat malaya nilang nadidiskubre ang iba’t ibang aspeto at elemento na kanilang katawan. Kung ganon ay parang sumasang ayon na rin sila sa mga ideya ng “women’s liberation movement” na nagsimula ng mga dekada ng 1960’s at 1970’s. Sa kanilang aklat, *The New Women* (1970:129-130) ay tinalakay ang usaping ito ng kalayaan ng mga kababaihan:

Many men view sex as freeing women---that is, if we are free with sex we are truly liberated, and our identity problems are gone. Playboy proclaimed the “The New Girl” in one of its recent issues. She is “unabashedly sexy, charmingly individualistic, and a joy to the men in her life.” They make us feel that that we will be loved if we screw; that’s what all our sexual gearing up is for---or is it? Society on the surface keeps sex under the cover---literally. We don’t talk about it; it’s dirty. Because we’ve made it a

commodity, we've also made love a commodity, along with beauty, trust and human interrelatedness. If we're discreet, that's ok, but God help the woman who gets herself pregnant. Then she's treated like the whore people thought she was all along. Over 10,000 women each year, At lowest estimates, have abortions. Most of these are illegal, done in some doctor's office, if the girl is lucky, and in some hotel room or rundown tenement, if she's not. Whole institutions are built up around unwanted pregnancies, isolated homes for a woman "to go on vacation" for nine months, abandoned children's homes, etc. We are left to make it alone or die; society couldn't care less. (The New Women, 1970:130)

Anu ano ang mga konsepto ng mga Pilipino sa pag-ibig? Ang tatak ng tunay na pag-ibig, ayon sa mga Pilipino, ay ang pananatili nitong matamis. Sabi nga ng mga Tagalog: "Kung tunay rin lang ang pag-ibig, hanggang katapusa'y matamis" na siya ring kasabihan ng mga Kapampangan. Isa pang tatak ng tunay na pag-ibig ay ang sariling pagtitiis alang alang sa minamahal. Tungkol dito, palasak sa Iloandia ang kasabihang: "No agpayso met lang nga agayarka, anusam ti agsagaba." Tumutukoy ito sa anumang pagsubok na igagawad ng isang iniibig sa isang umiibig. Naniniwala ang Pilipino na malalaman sa pamamagitan ng gawa ang pag-ibig na tunay. Ang masyadong maraming salita'y nagpapalabo lamang sa nilalayan. Ibig sabihin, kapwa pag-ibig lamang ang sa pag-ibig. Hindi ito maaaring daaninsa pagbabalatkayo o pagpapanggap. Kung ang Pilipino'y may konsepto tungkol sa tapat at tunay na pag-ibig ay mayroon din siyang konsepto ng isang di-tapat at di-tunay na pag-ibig. Para sa kanya ay hindi magtatagal ang mapagkunwaring pag-ibig. Singhugis nito ang kawikaang Tagalog: "Ang pag-ibig na paimbabaw, parang usok kung maparam." Ang ibig sabihin, ang mapagkunwaring pag-ibig ay mapagsamantala at mandaraya. Sa ibang sabi, ang pag-ibig na may hangaring masama ay mapanlilo at mapagbalatkayo. Hindi ito maasahan sa panahon ng kahirapan at kagipitan. Ang ganitong uri ng pag-ibig ay mayabang at mapanlinlang. Ito'y mahilig samga magagandang pangako at matatamis na pangungusap, subalit sa gitna ng paghihikahos at paghihirap ay bigla na lamang maglalaho. (Timbreza, 1982: 82-83). Importante ang ideya ito ni Ginoong Timbreza sapagkat tinatalakay natin ang pakikipag-relasyon ng mga dalagitang Pilipina. Hindi natin masasabi na bugso agad ito ng pag-ibig sapagkat mga kabataan pa mga ito. Kung magiging basehan natin ang pilosopiya na ipinapahayag ni Ginoong Timbreza, masasabi natin na naglalaro lang ang mga dalagitang nakikipag-relasyon sa murang edad. Kung kaya't akma ang ginamit natin na lengguwahe na "naglalaro ng apoy" para maisalarawan natin ang murang pakikipagrelasyon at sekswal na karanasan ng mga dalagitang ito.

Kung hindi totoong pag-ibig eh ano ang talagang nag-udyok sa mga kabataan para pumasok sa karanasang sekswal sa murang edad? Pakinggan pa natin ang isang ideya ni Ginoong Timbreza tungkol dito. Sa kanyang aklat ay tinalakay din niya ang pilosopiya ng kaligayahan (philosophy of pleasure and joy).

Para sa Pilipino, ang kaligayahan ay pansamantala lamang. Ito'y hinahalinhan ng pasakit at lumbay. Sa ibang sabi, malaki ang kaugnayan ng kanyang pilosopiya ng kaligayahan sa kanyang konsepto ng kalikasan. Alalaong бага, ang mga kalagayan at mga pangyayari sa buhay ay paikut-ikot at pabagubago. Ito ang tinatawag niyang gulong ng palad. Halimbawa, sa Katagalugan ay bukambibig ang kasabihang "Ang buhay ay gulong ang katulad, ang nasa ilalim ngayon ay nasa ibabaw bukas." Malaki ang kinalaman nito sa kanyang pananaw pangkaligayahan. (Timbreza, 1982:101). Isa pang manunulat (Kapunan, 1971: 86) ay nagdadag ng mga pananaw ukol ditto:

"Girls tend to seek more mature boys or those slightly older than they. Girls are more selective. This kind of affection is called "puppy love" because it is awkward, silly and playful. Girls are sillier and more aggressive than boys. They dress conspicuously, and spend much time before the mirror. Their bold and aggressive behaviour is an attempt to hide their embarrassment and self-consciousness.

They go around in groups and date together. Puppy love consumes much energy, time, and attention. School work is affected. It involves teasing, wisecracks and quarrelling, as affection shifts from one individual of the opposite sex to another.” (Kapunan, 1971:86).

Kung ganon, makikita natin sa datos ng saliksik na ito, na suporta ng mga teorya ng ibang mga dalubhasa, na hindi pa ganap na pag-ibig ang nadarama ng karamihan sa mga dalagitang maagang pumapasok sa relasyong sekswal. Bagkus ay masasabi natin napansamantalang kasiyahan ang layunin nila, bunsod ng pisikal na pagnanasa, at hindi tumatalab sa pagsubok ng panahon. Sa isang punto, masasabi natin na ang mga kabataan na ito ay naglalaro. Naglalaro sila sa pagtikim ng kaligayahan. Dagdag pa ni Ginang Elizabeth Hurlock na ang pagdadalaga ay isang panahon na kung saan ang mga tao ay naghahanap ng “identity.” *“Adolescence is a time of search for identity.”* (Hurlock, 1982: 224). Tunghayan pa natin ang ibang mga paliwanag ni Hurlock, sapagkat nagbibigay ito ng kalinawan sa suliraning sinasaliksik ng papel na ito:

“To master the important developmental tasks of forming new and more mature relationships with members of the opposite sex, and of playing the approved role for one’s own sex, young adolescents must acquire more mature and more complete concepts of sex than they had as children. The motivation to do so comes partly from social pressures but mainly from the adolescent’s interest in and curiosity about sex. Because of their growing interest in sex, adolescent boys and girls seek more and more information about it. Few adolescents feel that they can learn all they want to know about sex from their parents. Consequently they take advantage of whatever sources of information are available to them.” (Hurlock, 1982: 244). *“The common reasons for dating during adolescence are recreation, socialization, status in the peer group, courtship and mate selection.”* (Hurlock, 1982: 247).

Ang Mass Media at Social Media sa Buhay ng mga Dalagita

Malakas din ang “impact” ng “mass media” at ang “social media” sa mga kabataan at kababaihan ngayon. Marami sa mga kalahok ang nagsabi na nakikinig sila at malakas ang impluwensiya ng “mass media” at ang “social media” sa kanilang mga buhay. Sa aklat na *Media Impact: An Introduction to Mass Media*, ay tinalakay ng mga manunulat ang napakalakas na impluwensiya ng mass media sa kamalayan ng lahat ng tao sa buong daigdig. (*Media Impact: An Introduction to Mass Media*, 1996). Sa Pilipinas, makikita din natin ang lakas ng “mass media” upang mahubog ang kamalayan ng tao, gaya na lang ng telebisyon. Ang telebisyon ay naiiba sapagkat ito ay hindi lamang may tinig kung hindi may larawan pa upang ipaalam ang impormasyon sa madla. Ito’y higit na mabisa kaysa sa radio sapagkat napananatili ang pansin ng tao sapagkat bukod sa nadirinig ay nakikita pa nang buhay ang mga larawan ng taong nagsisiganap. Tulad ng sine, kahit na ito’y panlibangan lamang ay malaki ang nagagawang impluwensiya sa tao. Malaki ang naiaambag ng telebisyon sa pagbibigay ng libangan at kasayahan, edukasyon at impormasyon sa mga mamamayang Pilipino (Panopio, et al, 1979: 140).

Gaano kalakas ang impluwensiya ng “mass media” at “social media” sa buhay ng mga kalahok? Ang sagot dito ay napakalakas. Halos lahat ng mga naging kalahok ay nagsabi na may impluwensiya ang “mass media” at “social media” sa kanila. Halimbawa, lahat sila ay nanonood ng telebisyon. Lahat sila ay mayroong taglay na cellphone. At halos lahat din sa kanila ay bihasa sa paggamit ng internet, sampu na mga websites na gaya ng www.youtube.com, www.facebook.com at www.google.com. Alam natin na madaling makapanuod ngayon ng mga sekswal na panuod sa youtube lamang. Madali ring mag “download” ngayon ng mga malalaswang mga panuorin. Marami sa mga kalahok na dalagita ang nagsabi na nanonood nga sila ng mga ganito. Samakatwid, dito na natin nasisisilayan kung gaano kalakas ang impluwensiya ng kapaligiran na dala ng “mass media” at “social media.” Sa aking pakikipanayam, marami rin sa mga dalagita



ang nagsasabi na nakikinig sila ng mga modernong kanta ngayon na mayroong sekswal na kamulatan ang ipinapahayag ng mga kataga. Tingnan at basahin natin ang ilang mga kantang ito na mayroong sekswal na ideya ang ipinapahiwatig (implied sexual content.)

Ang mga kanta ni Blakdyak ay isang halimbawa ng mga kantang nabanggit:

BIKINING ITIM

*Sa 'yong inaakala nalimot na kita
Gayong ako ay laging tapat sa 'yo sinta
Buhat nang mawala ka ako ay nagdurusa
Kahit ka nagtampo sana'y malaman mo
Mahal pa rin kita*

*Hinanap ka sa disco beerhouse at restaurant
Mayro'ng nakapagsabing ika'y nasa japan
Ako'y nangungulila ng anim na buwan
Dahil mahal kita alang-alang sa 'yo
Magtitiis ako*

*Ang iniingat-ingatan ko kaisa-isang bikini mo
Na tinatago-tago ko pa
At katabi sa pagtulog ko
Ako'y dumadalangin na kahit manawari
Huwag sanang sungkitin bikini mong itim
Na alay mo sa 'kin*

*Ang iniingat-ingatan ko kaisa-isang bikini mo
Na inaamoy-amoy ko pa
At katabi sa pagtulog ko
Ako'y dumadalangin na kahit manawari
Huwag sanang sungkitin bikini mong itim
Na alay mo sa 'kin*

*Huwag sanang sungkitin bikini mong itim
Na alay mo sa 'kin*

*Huwag sanang sungkitin bikini mong itim
Na alay mo sa 'kin.*

Isa pang kanta ni Blakdyak ang tahasang nag uudyok ng mga sekswal na ideya:

DARNA (Modelong Charing)

*Ako ay isang model
Duon sa Ermita
Gabi-gabi sa disco*



At nagpapabongga

*Sa pagka-istariray
Talbog lahat sila
Ang mga foreigner
Ay nagkakandarapa
Pag ako'y sumayaw na*

*Ako'y may nakilala
Mestizo na hapon
Na-in-love siya sa akin
Type niyang gawing girlfriend*

*Ako'y niregaluhan
Bahay, lupa't datung
Ang 'di lang niya alam
At 'di ko nasabi
Na ako'y isang... "DARNA! DARNA! DARNA!"*

*Ang iniingat-ingatan ko
Ang ugat, lawit at muscle ko
Na tinatagu-tago ko pa
Sa twing kami'y magkasama*

*Ako'y nananalangin
Na sana'y manawari
'Wag sanang mabuking
Nakatali kong akin
Na ubod nang itim!*

*Ang iniingat-ingatan ko
Ang ugat, lawit at muscle ko
Na tinatagu-tago ko pa
Sa twing kami'y magkasama*

*Kami'y biglang nagkita
Nang 'di sinasadya
Sa restroom ng lalake
Doon sa Megamall*

*Napatingin siya sa 'kin
Ako'y napahiya
Sa galit ng hapon
Inumbag niya ako*

*"Bakero! Wat is dat!"
"Just like yours, papa."*



Sira ang byuti ko

*Binawi pang lahat
Bahay, lupa't datung
Ng nobyo kong hapon*

*Kaya ang byuti ko ngayon
Nagtitinda na lang
Ng itlog at talong.*

Isa pang halimbawa ng kanta ni Blakdyak:

IN LAB

Narration

"Alam mo

*Sobra-sobra na talaga ang paghanga ko sa 'yo
Tagus-tagusan hanggang buto
Pero wala akong magawa
Isa kase akong torpe. "*

*Ako'y talagang di mapakali
Sa byuti mong napakatindi
Sa twing ika'y aking nakikita
Halos niyayanig ang buo kong katawan*

*Hindi malaman kung ano ang gagawin
Halos magkandaduling sa katitingin
Ganyan katindi ang dating mo sa akin
Kaya't sana'y pansinin ang aking lambing*

Narration

*"Segu-segundo, minu-minuto, oras-oras,
Araw-araw, gabi-gabi, linggu-linggo,
Buwan-buwan, taun-taon,
Tapos na ang Pasko
Kelan ba ang anibersaryo?
Ay naku! "*

*Kapag ika'y wala sa aking paningin
Hindi ko malaman kung anong gagawin
Ang pakiramdam ko'y parang lantang gulay
At alam kong ikaw lamang ang aking buhay*

*Dahil ako'y talagang di mapakali
Sa byuti mong napakatindi*



*Sa twing ika'y aking nakikita
Halos niyayanig ang buo kong katawan*

*At kung sakali mang ako'y ibigin mo
Ibibigay ko ang lahat ng iyong gusto
Basta't makita ko lamang na maligaya ka
Ito'y malaking kasiyahan sa aking buhay*

*Dahil ako'y talagang di mapakali
Sa byuti mong napakatindi
Sa twing ika'y aking nakikita
Halos niyayanig ang buo kong katawan*

*Dahil ako'y talagang di mapakali
Sa byuti mong napakatindi
Sa twing ika'y aking nakikita
Halos niyayanig ang buo kong katawan*

Isa pang kanta ni Blakdyak ang tahasang nagrerekomenda sa paggamit ng condom:

MAGIC KAPOTE

*Uhuhuh
Blakdyak... What's up?
I forgot... Ay!
Ang kapote ko nakalimutan ko!*

*Ugaliin ang paggamitin ng magic kapote
Upang maiwasan ang bata sa kalye
Ugaliin ang paggamitin ng magic kapote
Upang maiwasan ang bata sa kalye*

*Oh! Magic ka magic ka magic kapote
Tulong mo'y kailangan
Tulong mo'y kailangan
Para sa mga taong hala sige bira ng bira bira ng bira*

*May iba dyan ginagawang libangan
Hala sige hataw dito, hataw doon
Kinabukasan... Ay naku! Bata na naman ang kawawa*

*Ugaliin ang paggamitin ng magic kapote
Upang maiwasan ang bata sa kalye
Ugaliin ang paggamitin ng magic kapote
Upang maiwasan ang bata sa kalye*

Ugaliing gumamit ng magic kapote



*Upang maiwasan ang mga bata sa kalye
Ugaliing gumamit ng kapote
Upang maiwasan ang bata sa kalye*

*Talaga! Totoo yan!
Yan talaga ang katotohanan
Ganyan ang mangyayari sa iyo kaibigan
Kaya bili bili na bili na kayo ng magic kapote
O, mahiwagang kapote
Bili na kayo mga kumpare*

*Oy! Wag ka na mag wag ka na mag
Wag ka na magjahe-jahe pa
Oy! Bili bili na*

*Ugaliin ang gumamit ng magic kapote
Upang maiwasan ang bata sa kalye
Ugaliin natin ang paggamit ng kapote
Upang maiwasan ang mga bata sa kalye*

*Ugaliin, ugaliin, sana natin ito
Upang maiwasan natin ang mga bata sa kalye
Ugaliin sana natin ang paggamit nito
Upang maiwasan ang bata sa bote.*

Sa mga halimbawa ng mga kantang ito, makikita natin na napakalas ang impluwensiya ng musika bilang bahagi ng lipunan. Ang mga kantang ito ay napili kosapagkat binanggit ng mga kalahok ang mga ito. Makikita din natin na ang mga kantang ito ay halimbawa ng lakas ng “mass media” at “social media” upang mahubog ang personalidad ng mga kabataan ngayon, kasama na ang mga dalagitang Pilipina.

Sa isyu ng nakaraan, kung maibabalik ang nakaraan, gugustuhin ba ng mga kalahok na ulitin ang kanilang nakaraan? Marami sa mga kalahok ang nagsabi na mas gugustuhin nila ang maging birhen. Pakinggan natin ang ilan sa mga piling sagot nila:

“Wish ko lang na hindi ako nagpadala sa mga ganung bagay. Ang positibong naidulot sa akin ng karanasan na yan ay huwag nang manuod ng porn at magkaruon ng reservation sa sarili para sa future husband.”(Anna, 2015).

“Oo naman parang na realize ko na mas magiging masayang mabuhay na virgin pa at may reservation para sa magiging asawa ko. I’ve learned that it’s good to have a boyfriend but learn also to control and listen to parents.” (Cheska, 2015).

“If I had the power to change the past, I will not enter into sexual affairs until I got married. I will wait at the right age because sexual affairs are just for married people (husbands and wives). (Mae, 2015).

“Kung maibabalik ko ang nakaraan, ay mag-aaral na lang ako ng mabuti at sundin ang payo na aking mga magulang.” (Delfina, 2015).

“Oo naman, ayaw ko sa pinasok kong pakikipagtalik. Ang narealize ko after ang lahat lahat ay to learn to control yung makamandag na gawain lalo na ang pakikipagtalik. At napagtanto ko na ireserba ang katawan ko para sa lalaking pakakasalan ako.” (Cheza, 2015).

“I regret so much that I gave up my virginity to a guy which I’m not sure if he cares about me. So this time (if the past can be changed) I’ll take the wedding first before sex.” (Silver, 2015).

“Kung maibabalik ko ang nakaraan ay sana hindi ako pumatol sa mga lalakeng nanloko lang sakín at gumamit lang sa katawan ko.” (Nessa, 2015).

Sa pagbabalik-tanaw ng mga kababaihang kalahok sa saliksik na ito ay makikita natin ang klarong pagpapaliwanag na mayroong mga negatibong aspeto at mayroong mga positibong aspeto sa maaga nilang pakikipagrelasyong sekswal:




Figura 3. Mga Positibo at Negatibong Aspeto ng Maagang Pakikipag-relasyon

Isang Ideya sa Diwa ng mga Kababaihan

Sa pakikipanayam at pakikipagkwentuhan ko sa mga dalagitang ito, lumalabas ang isang napaka importanteng ideya. Sa isang naunang sanaysay na ginawa ng manunulat na ito, ilang taon na ang nakalilipas, ay gumawa ako ng isang haypotesis (hypothesis) tungkol sa proseso ng personalidad ng mga kababaihan. Sa aking sanaysay (Rimban, Meditations on Love, 2009) ay pinapapabatid ko na ang isang babae ay nilalang ng isang konteksto o sistema (a woman is a creature of her context or system). Napakalaki ang impluwensya ng kinagisnang konteksto (original context, family, or system where woman had her upbringing) sa paggawa ng personalidad ng isang babae at sa pagkamulat nya sa mga iba’t ibang aktibidades, gaya ng mga sekswal na bagay. Kung me sira sa kinagisnang konteksto ay nagkakaroon ng sugat sa kamalayan (psychic wound) ang isang babae. Dahil dito ay sinisikap nyang ayusin ang sugat na ito. Pinapatunayan ng saliksik na ito na may tama sa haypotesis na ito. Ang isang babae ay nagsisikap iayos ang kanyang kinagisnang konteksto o pamilya sa pamamagitan ng pagpasok sa mga relasyon upang maibsan ang sakit ng nararamdaman nya at gamutin ang mga sugat na natamo niya. Subalit masyadong maaga (impulsive behaviour) ang pagpasok ng mga dalagitang ito sa mga relasyon, gaya ng mga karanasang sekswal. Ang tema na ito ay masyado kong nakita sa buhay ng isa sa mga kalahok sa saliksik na ito na si Nessa (hindi nya tunay na pangalan). Si Nessa ay isang kawawang biktima ng “sexual abuse” at “incest” sa kabataan nya. Pinagsamantalahan siya ng mismong kapatid nya nuong bata pa sya. At siya rin ay naging biktima ng “rape” ng kanyang unang naging kasintahan. Sinisikap nyang ayusin at gamutin ang

kanyang madilim na nakaraan, subalit mali ang daloy ng kanyang solusyon. Maaga siyang nakikipagrelasyon sa mga iba't ibang lalake, na kalimitan ay katawan lang niya ang hangad. Dahil dito ay mas lalo pang nadadagdagan ang kanyang mga sugat at hindi pa ito naghihilom sa pagdaan ng panahon. Si Nessa ay isang maliit na boses ng mga kababaihang Pilipina ngunit maaaring napakarami ang may karanasan ng ganito. Dahil sa saliksik na ito ay natutunghayan at “napapanood” natin ang kanilang mga buhay at karanasan.

Paggawa ng Isang Modelo ng mga Dalagitang Naglalaro ng Apoy

Habang ginagawa ang saliksik na ito ay unti unting mas nauunawaan at naiitindihan ng manunulat na ito ang kahalagahan ng paggawa ng mga orihinal na saliksik sa Sikolohiyang Pilipino. Ayon kay Ginoong Enriquez, ang Sikolohiyang Pilipino ay isang “sikolohiyang bunga ng karanasan, kaisipan at oryentasyong Pilipino” (Enriquez, 1976:223). Kung gayon, kapag nakakagawa tayo ng isang modelo ng isang konsepto ay pinapalakas natin ang daloy ng Sikolohiyang Pilipino at ang pag-aaral ng Sikolohiya sa ating bansa.

Sa saliksik na ito at habang pinag-aaralan ko ang mga datos ay nagkaruon ako ng isang bagong ideya sa isang konsepto na maaaring magpaliwanag sa mga personalidad ng mga “dalagitang naglalaro ng apoy.” Nadiskubre ko na ang mga dalagitang maagang pumapasok sa mga sekswal na karanasan ay nabibilang sa dalawang klaseng: (1) Ang unang klase ay ang dalagitang pumapasok lang sa isang sekswal na relasyon dahil sa kuryosidad at interes sa mga kasiyahanang dulot ng kaligayahan ng katawan. Ang dalagitang ito ay may mababaw lang na interes sa mga pakikipag relasyon. Binabansagan ko ang dalagitang ito bilang “Malabnaw na Naglalakbay sa Dagat ng Apoy.” (2) Ang ikalawang klase ay ang dalagitang pumapasok sa isang sekswal na relasyon dahil sa pangangailangan na ituwid ang landas ng karahasan na nangyari sa kanya nuong bata pa siya. Malalim ang interes ng dalagitang ito sa sekswal na mga relasyon, hindi upang matikman ang kasiyahan ng katawan lamang kung hindi upang maiayos ang kanyang buhay. Binabansagan ko ang dalagitang ito bilang “Masidhi na Naglalakbay sa Dagat ng Apoy.”

Intindihin pa natin nang mas malalim ang mga konseptong ito.

Ang **unang klase** ay isang dalagitang nagagawang pumasok ng maaga sa mga sekswal na relasyon dahil sa kuryosidad. Ang dalagitang ito ay nagkaruon ng impluwensiya sa kapaligiran niya, gaya ng grupong kasinggulang o kapantay (peer group pressure). Kasama na rin sa mga nag-udyok sa kanya ang impluwensiya ng “mass media” at ng napakalakas na “social media.” Dala ng kuryosidad, pumapasok ang mga dalagitang ito sa maagang pakikipag relasyon. Madali din silang makumbinsi ng kanilang mga kasintahan na gawin ang pakikipagtalik. Ang mga dalagitang ito ay hindi pa handa sa isang pangmatagalang pakikipagrelasyon. Dahil dito ay madali silang magpalit ng mga kasintahan o nobyo. Tinataguriang silang salawahan o malandi subali’t ang mga kataga na ito ay mga interpretasyon lamang ng mga taong hindi nakakaintindi ng mga personalidad ng mga dalagitang ito. Ulitin natin, ang mga dalagitang ito ay hindi pa handa sa permanenteng relasyon.

Sa kabilang banda, ang **ikalawang klase** ay napaka-interesante. Nasa klaseng ito ang mga dalagitang nagkaruon ng masamang karanasan sa sekswalidad nuong mga bata o musmos pa sila. Kalimitan, ito ang mga dalagitang ginahasa nuong bata pa sila. Marami sa mga dalagitang ito ay ginahasa ng mga lalakeng miyembro rin ng mga pamilya nila. Samakatwid, ang mga kababaihang ito ay may malaking sugat sakamalaman nila. Ang sugat na ito ay nais nilang maiayos. Upang iayos ang mga sugat na ito na dala ng karahasang sekswal, ang mga dalagitang ito ay maagang pumapasok sa mga sekswal na relasyon. Pumapasok sila sa mga maagang relasyon hindi dahil sa gusto nilang makipagtalik kung hindi

dahil sa nais nilang iayos ang masamang nangyari sa nakaraan at magamot ang malalim nilang sugat. Dahil sa miyembro sila ng isang pamilya o sistema sira, dahil nga sa abusong sekswal, ay umaasa sila ng pagbabago. Ito ang hinahanap nila sa mga malalim na relasyon. Mithiin nila ang makatagpo ng taong makakaintindi sa kanilang masamang karanasan. At mithiin din nila na tanggapin sila bilang buong tao. Kawawa ang mga dalagitang ito sapagkat mahirap ipaliwanag sa ibang mga tao ang mga nangyaring karahasan sa kanila nung mga bata pa sila. Natatakot sila sa anumang maaring mangyari kapag naisiwalat ang mga sikreto nila. At kawawa rin sila dahil walang magawang manggamot sa kanila sa sikolohikal na paraan sapagkat sikreto nga ang pinagdaanan nila. Ang mga dalagitang ito ay matalino sa sikolohikal na pangungusap dahil sa gumagawa sila ng paraan para maiayos ang kanilang buhay. Subalit napapadpad pa rin sila sa mga lalakeng gumagamit lang sa kanila, dala na rin ng mapusok na pagnanasa at impluwensiya ng kapaligiran.

Ano ang mauunawaan natin sa mga konseptong ito? Hindi lahat ng dalagita na pumapasok sa maagang mga relasyong sekswal ay yaong mga malalandi. Iwaksi natin ang paniniwalang ito. Sa datos na nakalap ko at pakikipagkwentuhan ko sa mga dalagitang Pilipina ay batid ko na ang dalagitang Pilipina ay isang matalinong tao, na naghahangad lang ng kaligayahan. Kung ang isang dalagita ay dumaan sa masamang nakaraan gaya ng panggagahasa nuong musmos pa siya, sinisikap naman niya na gumawa ng paraan para iayos ang kanyang buhay. Yun nga lang, maaaring nagkakamali siya sa pagpili ng mga nagiging kasintahan. Ngayong may nadagdagan tayong kaalaman sa isyung ito, makakagawa tayo ng mga solusyon sa sakit ng lipunan gaya ng panggagahasa sa mga murang edad na kababaihan. Makakapag-isip din ang mga dalubhasa at siyentipiko ng mga dagdag nasolusyon sa bagay na ito. Basahin natin ang paglalarawan ng pagkakaiba sa dalawang katagayang ito:

Talahanayan 2***Ang Dalawang Klase ng mga Dalagitang Naglalaro ng Apoy:***


Mga Aspeto ng Personalidad	“Malabnaw na Naglalakbay sa Apoy”	“Masidhi na Naglalakbay sa Apoy”
Pangunahing Motibasyon	Dala ng kuryosidad lamang o pagnanasa ng katawan	Dala ng gustong magamot ang masamang karanasan
Sentro ng Motibasyon	Ang dalagitang ito ay nagkakuon ng interes sa sekswalidad; nais siyasatin ang pansamantalang kaligayahan ng katawan	Ang dalagitang ito ay gustong makamantan ang pagbabago, pagsasaayos ng kanyang buhay, na nasira ng malagim na karanasang sekswal, gaya ng panggagahasa
Batayan ng Pagpasok sa Maagang Relasyong Seksual	Impluwensiya ng kapaligiran, “mass media,” “social media,” grupong kasing gulang o kapantay, at pressure ng kasintahan o mapusok na nobyo	Nais ng dalagitang ito na ituwid ang malagim na landas ng kanyang karanasan nuong pagkabata; sumisikap na magkaruon ng taong makakaintindi sa kanya
Pagkamalapit sa pamilya o kamag-anakan	Maaring malapit sa pamilya o kamag-anak, depende sa sitwasyon	Maaring malapit sa pamilya o kamag-anak, depende sa sitwasyon
Pakikipagrelasyon sa mga kasintahang lalake	Madaling magbago ng nobyo o kasintahan, sapagkat gusto ng pangmaramihang karanasang	Gusto sana ng isang permanenteng relasyon; maaaring magkaruon ng mga

	sekswal; naaakit ng mapusok na lalake	maling pili ng kasintahan dahil sa pagnanais na magkaruon ng taong makakaintindi sa kanyang karanasan
Mga bagay na sinaalang-alang sa pagpili ng kasintahan	Ang pagpili ng kasintahan o nobyo ay batay sa mga impluwensiya ng kapaligirang nabanggit at sa imahen ng isang lalake na nakikita sa “mass media”	Maaaring pumipili ng kasintahan dahil sa pangangailangan, at sa kagustuhang makamit ang mithiin na ituwid ang masamang karanasan
Pagkilala sa sarili	May mga dalagitang natutuwa sa mga sekswal na karanasan nila; hindi lahat ng mga dalagitang ito ay mababa ang tingin sa sarili	Kalimitan ang mga dalagitang ito ay mababa ang tingin sa sarili dahil sa mga masamang karanasan na dinaanan nila, gaya ng panggagahasa nuong mga bata pa sila
Pagkamulat sa mga bagay ukol sa mga relasyon	Mas importante ang may maraming karanasan, dahil sa kuryosidad; naaakit sa pansamantalang kasiyahan ng relasyong sekswal	Mas importante ang kalidad ng mga relasyon; sumisikap na maghanap ng tamang relasyon; umaasa na magkaruon ng tamang relasyon
Maturity ng taong ito	Immature pa ang dalagitang ito, kailangan nang matuto sa mga karanasan at magsumikap sa buhay; dumadaan ang dalagitang ito sa isang parte ng buhay nya kung saan nahihikayat siya na maranasan ang sekswalidad	Ang dalagitang ito, kahit na immature, ay gumagawa ng paraan para mabago ang buhay; nagsusumikap na ituwid ang masamang karanasan; kailangan niya ang tulong ng mga dalubhasa sa sikolohiya


Sa puntong ito ay maari na nating maipaliwanag ang ating nakamit na pang-unawa at karunungan sa mga isyung ito sa pamamagitan ng mga dayagram.



Figura 4. Ang Proseso ng Maagang Karanasan sa mga Dalagitang Pilipina



Pigura 5. Mga Impluwensiya sa mga Dalagitang Pilipina sa Makabagong Panahon



Pigura 6. Ang Dalawang Klase ng mga Dalagitang Naglalaro ng Apoy Base sa Saliksik na Ito

KONGKLUSYON

Base sa mga datos na nakuha ng saliksik na ito, makakagawa na tayo ng kongklusyon tungkol sa mga personalidad at motibasyon ng mga “Dalagitang Pilipina na Naglalaro ng Apoy.” At masasagot na rin natin ang mga paksa na inilahad sa layunin ng papel na ito.

Nagkaruon tayo ng sapat na datos mula sa mga dalagitang kalahok sa saliksik na ito. Nalaman natin ang mga karanasan ng mga dalagitang Pilipina, ang mga positibo at negatibong aspeto. Natuklasan natin ang mga iba’t ibang mga bagay na nag-udyok sa mga dalagitang ito upang pumasok sa maagang relasyong sekswal. Nalaman natin ang impluwensiya ng kapaligiran sa ugali, personalidad at kamalayan ng mga dalagitang Pilipina na maagang pumapasok sa relasyong sekswal gaya ng mass media, social media, facebook, mga websites sa internet na may usaping sekswal, mga idolo sa telebisyon, musika at internet, barkada, peer pressure, kuryosidad, at ang pagkakaruan ng mapusok na nobyo o kasintahan. Sa pakikipanayam sa mga dalagita ay natuklasan din natin ang pagkakaruan ng abusong sekswal sa kabataan ng ilan sa mga kalahok. Naipaliwanag natin ang mga nakuhang impormasyon na ito sa pamamagitan ng mga konsepto at pag-aaral sa Sikolohiya at sa mga ideya at palaisipan ng Sikolohiyang Pilipino. Natuklasan din natin ang pagkakaruan ng dalawang klaseng ng mga dalagitang maagang pumapasok sa relasyong sekswal. At nakagawa rin tayo ng isang modelo na nagpapaliwanag sa pagkakaruan ng dalawang klaseng ito, na ipinipresenta natin bilang isang bagong konsepto sa larangan ng Sikolohiya dito sa Pilipinas.

Sa pag-aaral natin sa mga personalidad ng mga dalagitang maagang pumapasok sa relasyong sekswal ay makikita natin ang pagkakaruan ng dalawang klase o kategorya. Ang unang klase ay ang mga kababaihang nais maranasan ang mga kasiyahan ng katawan lamang at hindi pa handa sa pangmatagalang relasyon. Ang ikalawang klase ay ang mga kababaihang nais ayusin ang kanilang buhay at naghahangad ng pangmatagalang relasyon upang magamot ang masamang karanasan nila sa pagkabata dahil sa abusong sekswal.

Rekomendasyon

Batay sa liwanag ng ginawang masusing pag-aaral at mga kongklusyon, iminumungkahi ng may-akda ang mga sumusunod na rekomendasyon:

Ang “target population” ng saliksik na ito ay ang mga kababaihan ng Probinsya ng Cagayan, sagulang na 13 to 19. Hindi naman umabot ang saliksik naito na pag aralan lahat ng ugali ng mga kababaihan sa buong Pilipinas. Samakatwid ay kailangan ng iba pang mga pag- aaral sa mga karanasan at aktibidades ng mga dalagita sa ganitong edad sa iba’t ibang rehiyon ng ating bansa. Kailangan din ng mas masidhing pag-aaral sa mga motibasyon ng mga kabataan ngayon. Gayunpaman, pinapatunayan ng saliksik na ito na mayroong epekto ang mga elemento ng kapaligiran sa paghubog ng personalidad ng mga kabataaan, partikular sa mga karanasan ng mga dalagitang mahilig pumasok sa mga sekswal na mga relasyon. Itong isyung naito ay isang malalim na topiko sa larangan ng Sikolohiya at tiyak na maraming pang mga ideya ang makukuha sa kaalamang mina na ito. Sana ay mas maraming pang mga pag-aaral ang magaganap ukol ditto.

SANGGUNIAN

Ahmadi, R., & Arief, N. F. (2022). Teacher empowerment to improve the quality of education and school progress. *EDUTEC: Journal of Education and Technology*, 6(2), 431–439.



-
- AntiPlagiarism.net. (n.d.). *Software download*. <http://antiplagiarism.net/html/download/>
- Arnilla, A. K. (2015). *Gabay sa pagbasa, pagsulat at pananaliksik sa Filipino*. Wiseman's Books Trading, Inc.
- Arrogante, J. A., Golla, G. P., & Ballena, C. S. (2007). *Sining ng komunikasyon sa akademikong Filipino*. National Book Store.
- Banyard, P. (1999). *Controversies in psychology: Perspectives and research*. Routledge.
- Biagi, S. (1996). *Media impact: An introduction to mass media*. Wadsworth Publishing Company.
- Blakdyak. (1997). Bikining itim [Song]. On *No-touch* [Album]. Viva Records.
- Blakdyak. (1997). Darna/Modelong Charing [Song]. On *No-touch* [Album]. Viva Records.
- Blakdyak. (1997). In lab [Song]. On *No-touch* [Album]. Viva Records.
- Blakdyak. (1997). Magic kapote [Song]. On *No-touch* [Album]. Viva Records.
- Blonna, R. (2007). *Coping with stress in a changing world*. The McGraw-Hill Companies, Inc.
- Campbell, J. (Ed.). (1971). *The portable Jung* (R. F. C. Hull, Trans.). The Viking Press, Inc.
- Civil Code of the Philippines, Rep. Act No. 386 (1949).
- Constantino, P. C. (Patnugot). (2005). *Filipino at pagpaplanong pangwika: Ikalawang sourcebook ng SANGFIL*. Sentro ng Wikang Filipino, Sanggunian sa Filipino, at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.
- Cooke, J., Bunch-Weeks, C., & Morgan, R. (Eds.). (1970). *The new women*. The Bobbs-Merrill Company, Inc.
- Donceel, J. F. (1961). *Philosophical psychology*. Sheed and Ward, Inc.
- eLearning Industry. (n.d.). *Top 10 free plagiarism detection tools for teachers*. <http://elearningindustry.com/top-10-free-plagiarism-detection-tools-for-teachers>
- Engler, B. (2014). *Personality theories: An introduction* (9th ed.). Wadsworth Cengage Learning.
- Enriquez, V. G. (1976). Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at direksiyon. Sa L. F. Antonio, E. S. Reyes, R. E. Pe, & N. R. Almonte (mga Ed.), *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino* (pp. 221–243). Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.
- Enriquez, V. G. (1990). *Indigenous psychology: A book of readings*. New Horizons Press.
- Family Code of the Philippines, Exec. Order No. 209 (1987).
- Facebook. (n.d.). *Homepage*. <https://www.facebook.com>
- Galang, T. T., Munsayac, J. M., Lucero, B. M., Fesalbon, M. J. R., & Sayo, T. C. (2007). *Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Rex Book Store, Inc.
- Gonzalvo, R. P. (2012). *Pagbasa at pagsulat tungo sa mas mabisang pananaliksik*. Purely Books Trading and Publishing Corporation.
-



-
- Google. (n.d.). Google search. <https://www.google.com>
- Google Scholar. (n.d.). Homepage. <https://scholar.google.com.ph/>
- Hunter, V. (1994). *Psychoanalysts talk*. The Guilford Press.
- Hurlock, E. B. (1982). *Developmental psychology: A life-span approach*. McGraw-Hill, Inc.
- Kapunan, R. R. (1971). *The psychology of adolescence*. Rex Book Store.
- Kluckhohn, C., & Murray, H. A. (1953). Personality formation: The determinants. In C. Kluckhohn & H. A. Murray (Eds.), *Personality in nature, society and culture* (2nd ed.). Alfred A. Knopf.
- Kuhn, T. S. (1970). *The structure of scientific revolutions* (2nd ed.). University of Chicago Press.
- LyricsMode. (n.d.). Homepage. <https://www.lyricsmode.com>
- Maranan, M. H. (2013). *Masining na pagpapahayag (para sa antas tersyarya)*. Mindshapers Co., Inc.
- MP3Juices. (n.d.). Homepage. [suspicious link removed]
- O'Connor, P. (1992). *Friendships between women: A critical review*. The Guilford Press.
- Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. (2013). *DIWA E-Journal: Kasaysayan, lipunan at Sikolohiyang Pilipino*, 1(1).
- Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. (2014). *DIWA E-Journal: Mga lapit at lapat ng Sikolohiyang Pilipino sa mga paksaing lokal-global*, 2(1).
- Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. (n.d.). Opisyal na website. <http://www.pssp.org.ph>
- Panopio, I. S., Cordero, F. V., & Raymundo, A. A. (1979). *Sosyolohiya panlahat: Pokus sa Pilipinas*. Goodwill Trading Co., Inc.
- Panopio, I. S., & Santico-Rolda, R. (1992). *Sosyolohiya at antropolohiya: Isang panimula*. Ken Incorporated.
- Plagium. (n.d.). Plagiarism checker. <http://www.plagium.com>
- PlagScan. (n.d.). Seesources analysis. <http://www.plagscan.com/seesources/analyse.php>
- Revised Penal Code of the Philippines, Act No. 3815 (1930).
- Ridley, M. (1993). *The Red Queen: Sex and the evolution of human nature*. HarperCollins Publishers, Inc.
- Rimban, E. L. (2009). *Meditations on love* [Unpublished manuscript].
- Rubin, L. T., Casanova, A. P., Abad, M. N., & Agcaoili, A. (2001). *Kasanayan sa komunikasyon at sulating pananaliksik*. Rex Book Store, Inc.
- Svipier. (n.d.). ScanMyEssay / Viper plagiarism checker. <http://www.scanmyessay.com/>
- Sevilla, C. G. (1998). *Pananaliksik (isang primer): Pananaliksik para sa mga baguhan*. Rex Book Store, Inc.
- Shaughnessy, J. J., & Zechmeister, E. B. (1997). *Research methods in psychology*. The McGraw-Hill
-



Companies, Inc.

Shaughnessy, J. J., Zechmeister, E. B., & Zechmeister, J. S. (2006). *Research methods in psychology* (7th ed.). The McGraw-Hill Companies, Inc.

Timbreza, F. T. (1982). *Pilosopiyang Pilipino*. Rex Book Store.

Trimmer, J. F. (1996). *The essentials of MLA style: A guide to the system of documentation recommended by the MLA for writers of research papers*. Houghton Mifflin Company.

Vinzons, I., & Jose, M. D. (2013). Kagandahang panloob at panlabas sa paglalarawan ng kababaihan sa piling epikong Pilipino. *DIWA E-Journal*, 1(1), 1–25.

Wikipedia. (n.d.). *Main page*. <https://www.wikipedia.org>

Yahoo. (n.d.). *Homepage*. <https://www.yahoo.com>

Yabut, H. (2013). Isang paglilinaw sa mga paniniwala at pagpapakahulugan sa ispiritwalidad at relihiyon ng mga Pilipino. *DIWA E-Journal*, 1(1), 160–178.

YouTube. (n.d.). *Homepage*. <https://www.youtube.com>